

Problematisasyon sa Katangian ng Araling Kordilyera bilang Pamamaraan sa Pananaliksik mula sa Korpus ng mga Akda ni Padre Francis Hubert Lambrecht hinggil sa Ifugao

John Amtalao

De La Salle University

ABSTRAK

Ginalugad ng papel na ito ang katangian ng Araling Kordilyera ayon sa korpus ng mga akda ni Padre Francis Hubert Lambrecht, isang misyonerong antropologo na nakapagsulat ng mahigit pitumpung akda hinggil sa mga kultura at tradisyon ng Ifugao ng rehiyong Kordilyera. Mula rito, nilayon ng mananaliksik na mabigyang paghuhugis ang pamamaraan sa pagsasagawa ng pananaliksik upang matugunan ang mga argumento hinggil sa pag-aaral ng mga lokal na mamamayan at/o katutubong pangkat na nanirahan sa nabanggit na rehiyon. Ito'y isa ring pag-aangkla sa patuloy na pagsiyasat sa katangian ng Araling Pilipino. Ginamit ng mananaliksik ang pansinupan o arkibal na pagkalap ng mga dokumento mula sa silid-aklatan ng iba't ibang unibersidad at ilang *digital platforms* kung saan nailimbag ang mga akda ni Padre Francis. Sinuri ang mga akda sa pamamagitan ng Hermenyutika ni Friedrich Schleiermacher at nakabuo ng sampung kongklusyong nauugnay sa metodo ng pagsasagawa ng Araling Kordilyera. Binigyang-diin sa resulta ng pag-aaral ang halagahin ng paglubog sa pag-aaral ng sining at wika ng isang pamayanan upang maging tapat sa pag-aaral ng mga gawi at paniniwala ng isang lahi. Sa kabuuan, ang katangian at pamamaraan ng Araling Kordilyera ay patuloy na pinag-iinog ng mga kasalukuyang iskolar mula sa mga dati nang naisulat at naisusulat pa ng mga “tagalabas” at “tagaloob” na mananaliksik sa Kordilyera.

Mga susing salita: Araling Kordilyera, Fr. Francis Lambrecht, Ifugao, Araling Pilipino

ABSTRACT

This study explored the characteristics of Cordillera Studies based on the corpus of writings of Fr. Francis Hubert Lambrecht, a missionary-anthropologist who was able to write and publish over seventy books and articles regarding Ifugao culture and tradition. With this, the researcher aimed to configure the ways and methods

in conducting research to address issues regarding local studies and ethnic groups. This study also grounds itself in the continuous efforts to characterize Philippine Studies. The researcher used an archival method of collecting data by retrieving documents from different universities and available digital platforms where Fr. Lambrecht's manuscripts were published. The documents were analyzed through Schleiermacher's Hermeneutics and the results emphasized 10 important points related to the method of Cordillera Studies. The results also emphasized the importance of immersion in studying the language and arts of a community in order to approach their traditions and beliefs. In general, the characteristic and methodology in doing Cordillera Studies continue to be ever-changing as current scholars continue to explore what were written and are being written by "outsiders" and "insiders" conducting research in Cordillera.

Keywords: Cordillera Studies, Fr. Francis Lambrecht, Ifugao, Philippine Studies

Panimula

Ang Araling Pilipino (AP) o Philippine Studies ay sumasaklaw sa malawak at sari-saring aspekto ng pamumuhay ng mga Pilipino na kinapapalooban ng kanilang mga pagpapahalaga at paniniwala na isinisiwalat ng kanilang wika at kultura mula sa masusing pagsisipi, pagtatala, at pagsusuri ng mga datos ng mga iskolar, mananaliksik, at intelektuwal sa akademya. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa ng mga lokal na mamamayan ng sariling bansa o yaong mga dayuhang nagtungo sa Pilipinas. Sa akademikong pagkakataong ito, iniangkla ng may-akda ang kahulugan ng AP bilang isang disiplina na nagbibigay tuon sa mga pag-aaral hinggil sa kolektibong identidad ng mga Pilipino nang may pag-uugnay-ugnay sa kultura at tradisyon sa multidisiplinaryo at interdisiplinaryong kalikasan ng pagsasaliksik at ang paggamit sa paghuhugis ng identidad ng Araling Kordilyera (AK). Ayon kay Ramon Guillermo sa kaniyang papel na *Sariling Atin: Ang Nagsasariling Komunidad na Pangkomunikasyon sa Disiplinang Araling Pilipino* (2016), ang AP ay isang larangan na bahagi ng multidisiplinaryong pag-aaral ng mga wika at kultura sa Pilipinas. Ayon sa kanya, ito ang nagbibigkis ng pagpapahalaga sa pag-aaral ng wika, panitikan, sining, at kultura sa isang interdisiplinaryong paraan. Kasama rito ang mga konsepto, teorya, metodo, at mga paksa mula sa agham pampolitika, sosyolohiya, sikolohiya, lingguwistika, antropolohiya, ekonomiya, at kasaysayan. Ang mga pananaliksik sa AP ay magkaroon ng anyong *mainstream* o mas malapit sa pamahalaan o estado. Maaari din ditong magkaroon ng pangunahing kritikal na katangian na may kaugnayan sa mga non-governmental organization (NGO), people's organization (PO), at mass organization (MO), at nakaakibat sa aktibismo at iba't ibang uri ng adbokasiya..." (29-47).

Sanhi nito, ninais ng papel na ito na bumuo ng paghuhugis hinggil sa Araling Kordilyera bilang panimulang batayan sa paghuhusga ng mga papel na nauugnay sa pagsasagawa ng pananaliksik sa iba't ibang larang. Gagamitin ang ilan sa mga akda ni Padre Francis Hubert Lambrecht bilang batayan sa paghuhugis ng Araling Kordilyera o AK.

Tagaloob vs. Tagalabas na Mananaliksik ng Araling Pilipino bilang angkla sa Araling Kordilyera

Tinalakay ni Belinda Aquino sa kaniyang papel na *How Philippine Studies Began* (2008) ang simula ng AP bago pa man naging ganap na disiplina at pamamaraan sa pagtuklas ng kaalaman at sinabing ang AP o pag-aaral sa mga kultura at lipunan sa Pilipinas ay nagsimula sa mga naunang taon ng 1900's kung saan nagsimula ang kolonya ng Amerika sa bansa mula noong natalo ni Commodore George Dewey ang hukbo ng mga Espanyol sa Manila Bay. Samantala, binanggit ni Randy Nobleza na ang simula ng AP ay hindi naging limitado mula sa pagsisimula ng pag-aaral ng mga dayuhan sa iba't ibang usaping nagaganap at nakikita sa Pilipinas (42-56). Kung saan, mahigit sa isang siglo na ang AP bilang akademikong disiplina, simula sa pagkokonseptuwalisa ni Jose Rizal nito sa Europa noong 1889. Dalawang taong bago nito, nasimulan na ni Isabelo de los Reyes ang araling pampook o lokal na pag-aaral sa pamamagitan ng *El Folklore Filipino* (1889) at *Historia de Ilocos* (1890).

Sinagot ni Priscelina Patajo-Legasto sa kaniyang aklat na *Philippine Studies: Have We Gone Beyond St. Louis?* (2010) at idiniin na ang AP ay hindi lamang nakatuon sa pagkamamamayan o nasyonalidad ng isang manunulat ang pamantayan. Pilipino man o hindi, ang kaniyang kalinangan ang kaniyang katauhan. Gayundin, hindi rin ito usapin ng heograpikal na aspekto at paksa- hinggil man sa kasaysayan ng Pilipinas o kultura ng mga Pilipino. Bagkus, ang AP ay isang kritikal at apirmatibong pagsusuri ng mga dokumento o tekstong nasulat ayon at para sa kabuuang identidad ng/sa Pilipinas. Ang pananaw na ito ay tugon sa problematikong tanong hinggil sa saklaw ng mga papel na narapat maibilang sa AP. Ito'y sapagkat kung tatanggapin natin na ang pagsusulat ng AP ay marapat na eksklusibo lamang na naisulat ng isang Pilipino, ito'y maituturing na isang anyo ng etnosentrismo. Gayunpaman, hindi na dapat nagiging isang tanong kung ang naisulat ng isang Pilipino hinggil sa Pilipinas ay kabilang sa AP. Para naman sa mga dayuhang manunulat, ayon pa rin kay Legasto, mas mainam kung tinitignan natin ang lenteng ginamit ng isang manunulat sa kaniyang pagsusuri sa usaping "Pilipino" dahil kung ang mga diskurso nito ay nakasisira/nakakapagdadala ng mga paliko-liko at lalong masikot na pagtingin sa kabuuang (historikal, politikal, sosyolohikal, espirituwal, at ekonomikal) kalagayan ng identidad ng mga itinuturing na minority pangkat, kinakailangang maging mapanuri ang isang iskolar o manunulat upang sa gayon ay

makapag-ambag sa mayabong at sari-saring pamamaraan sa pag-aaral ng Pilipinas (263-304).

Ang pananaw na ito ay hindi nalalayo sa paniniwala at pamamaraan ng Pantayong Pananaw ni Salazar na nakasandig sa paniniwalang ang pag-aaral sa kasaysayan, katauhan, at kulturang Pilipino ay narapat na isagawa gamit ang perspektiba ng isang Pilipinong nag-uugat ang katauhan sa sariling komunidad at hindi ng isang dayuhan na may maka-Kanluraning oryentasyon sa pagsasaliksik. Gayundin, nararapat na gumamit ng wikang Filipino bilang pangunahing hakbang upang maiugnay ang identidad ng Filipino sa mga mambabasa nito. Ayon kay Narcisa Canilao sa pagbanggit ni Sharon Harvey sa kaniyang komentaryo sa papel na “Discourses of (non) Western Subjectivity and Philosophical Recovery” (2006), ang pag-aaral sa mga katutubong kaalaman sa pagbubuo ng mga awtentiko at dalisay na katutubong diskurso ay nangangailangan ng pagwawaksi sa kultural na imperyalismo at maka-Kanluraning usaping nag-aambag sa kolektibong pagtingin ng mga katutubong pangkat sa kanilang sarili mula sa mga nakalimbag na teksto (27-34). Ito ay sa pamamagitan ng magkahiwalay na pagtingin sa danas ng mga katutubong pangkat at pananaw ng mga antropologong nagsagawa ng pag-aaral sa kanilang gawi at katauhan.

Sa aklat naman ni F.P.A Demeterio III na *Ferdinand Blumentritt and the Philippines: Insights and Lessons for Contemporary Philippine Studies* (2013) inilahad niya ang katangian ng *second level anthropology* na isinagawa at naging lapit ni Blumentritt sa kaniyang pagsusulat para sa kasaysayan at identidad ng mga Pilipino (170-75). Sa pamamagitan ng masusing pag-aaral ng mga dokumentong nalimbag bago at hanggang sa magtapos ang pananakop ng mga Kastila at pag-aaral sa mga wika at wikain sa Pilipinas, itinuturing ni Demeterio na balido at angkop sa tunguhin ng AP ang pamamaraan sa pag-aaral ni Blumentritt.

Sinasaklaw ng Asian Center ng Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman ang isa sa mga digri sa ilalim nito ang Philippine Studies na mayroong layuning makapag-ambag sa: 1) pag-aaral sa sibilisasyon ng magkakaugnay na etnoligguwistikong kultura; 2) makapaglahad ng problema o suliranin na hahamon sa natatanging identidad ng mga Pilipino; at 3) makabuo ng malalim at pangkabuuang idea hinggil sa ating sarili sa pamamagitan ng pagsisimula sa pagkilala sa sariling kultura at kabihasan (Sobritchea 103). Ang usapin ng mananaliksik bilang “tagalabas” ay mahalagang mabigyan ng espasyo ng pag-aaral na ito dahil ang katauhan ni Francis Lambrecht bilang isang Belgian at misyonero ay tinitignan din bilang isang pagsasaalang-alang sa kaniyang estilo ng pagsususlat at sa kaniyang pamamaraan ng paggalugad ng mga kaalamang Kordilyera.

Ang Suliranin sa mga Pag-aaral ng/sa Kordilyera at Kabuluhan ng Problematikasyon ng Araling Kordilyera

Inilalahad sa bahaging ito ang dalawang punto ng pagdaragdag ng espasyo para sa talakay hinggil sa AK: 1) ang mga isyu ng mga naunang pag-aaral sa identidad ng Kordilyera; at 2) ang pagbuo ng operasyonal na pagpapakahulugan sa AK mula sa mga datos na nagbibigay paglalarawan hinggil sa pagsasagawa ng pag-aaral sa rehiyong Kordilyera.

Sa mga usapin sa Kordilyera, nasaksihan na rin ang mga nabanggit na isyu sa AP hinggil sa mga naunang manunulat at tagapagsagawa ng mga saliksik hinggil sa mga nasulat na dokumentong naghahayag ng 'di pagkakapantay-pantay na pagtingin sa katauhan na nagtutulak upang maging mababa ang kanilang identidad o katayuan sa mata ng ibang mga lahi. Kung saan, hindi nahihwalay ang usapin ng mga salitang katutubo at ang pagbanggit ng Indigenous Peoples Rights Act o ang IPRA sa ilalim ng RA 8371.

Ang IPRA na nagkabisa noong Nobyembre 1997 ay kumikilala sa karapatang pantao at nangangalaga sa kultura ng mga katutubong pangkat at komunidad. Ito ay naglalayong magbigay ng pantay na pagtingin ng gobyerno para sa pag-angkin ng kanilang likas na yamang lupa at magbigay ng karapatan sa mga katutubo upang ipagtanggol ang kanilang identidad mula sa mga miskonsepsiyong dala ng historikal na pagtatala ng kanilang kasaysayan at katauhan. Binibigyang-diin ang apat na karapatang tinaglay ng mga katutubo: 1) lupang ninuno o ancestral lands; 2) pamamahala; 3) karapatang pantao; at 4) kultural na integridad. Sa ikaapat na diin ng IPRA inihahanay ang usapin sa mga pananaliksik hinggil sa mga pangkat-etniko ang paggamit ng mga katutubong konsepto sa media at iba pang pangmasang produksiyon. Kung kaya't nailalapit ang mga pag-aaral hinggil sa Kordilyera sa IPRA dahil nagiging batayan ito ng mga bagong sibol na mananaliksik at iskolar sa pagpapatatag ng kultural na identidad ng mga Igorot.

Ayon sa liham ni Esteban De Ocampo, dating Direktor ng Pambansang Komisyon sa Kasaysayan o National Historical Commission, sa isa sa bagong sumibol na "tagaloob" na manunulat ng kulturang Kordilyera sa akdang *The Ifugao World* noong 1979:

Sa kasamaang palad, ilan sa mga dayuhang manunulat ay may prehuwisyo at inilalarawan ang ating mga kapatid na katutubo bilang mga nilalang na mayroong paurong na pag-unlad at hindi sibilisado dahil lamang ang kanilang pamumuhay at kultura ay kaiba sa mga Ifugao, Bontoc, Kalinga, Apayao, Bagobo, Manobo, Tausug, at Maranao. (12-13, Sariling salin)

Unfortunately, some of these foreign authors are biased and they portray our Pagan brothers as backward and uncivilized simply because their way of life and culture are vastly different from those of Ifugaos, Bontocs, Kalingas, Apayaos, Bagobos, Manobos, Tausug, Maranaws. (12-13)

Tinawag ni Azurin sa kaniyang akdang *Reinventing the Filipino sense of Being and Becoming* (1995) na *academic blinders* ang mga antropologo, mananaliksik, at iskolar na sinadyang baguhin at nag-ulat nang may pagmamalabis o eksaherasyon ang pagsasagawa sa pag-aaral at pagsasalaysay sa mga katangian ng mga Igorot upang maging kagiliw-giliw sa mata ng kanilang bansa at sa ngalan ng pagpapatingkad ng kanilang pangalan sa mundo ng media at politika. Ilan sa mga maling ulat at eksaherasyon ang nagdulot ng eksploytasyon ng isang lahi at isteryotipikal na pamantayan sa pagtingin ng tribong Igorot at iba pang lahi (1-4). Ayon sa sipi mula sa librong *The Discovery of the Igorots* (1974), ang mga Igorot ay lumitaw na sa mga nakasulat na akda noong unang bahagi ng ika-19 na siglo at nakatanggap ng mga hindi angkop na paglalarawan mula sa mga Espanyol na manunulat, maging sila man ay iskolar o mamamahayag (Scott 11-24). Pinatunayan ito ng inilathala ni Sinibaldo de Mas sa 1836 na tala ng karanasan nina Galvey-Penaranda-Goicocchea kung saan sa isang bayan ng Tagudin, kinain o pinagsaluhan ng mga dumalo sa isang lamay ang bangkay ng matandang patay. Ang balitang ito ay naging bahagi ng mga lathalain sa Espanya maging sa kahuli-hulihan nilang pamamalagi sa ating bansa. Samantala, lalo namang nadagdagan ang pagkamangha ng mga lathalaing Pranses at Amerika nang banggitin ni Gironiere ang kaniyang naging karanasan noong 1850 na nagsiwalat sa estratehiya sa pamumugot ng ulo ng mga Tuinguan at ang pagsisipsip ng basi na may halong utak ng tao bilang bahagi ng pagdiriwang ng naturang tribo (Azurin 17).

Ang mga ganitong kuwento ang nagbunsod sa mga antropologo upang pasukin ang bulubunduking tirahan ng mga Kordilyeran maliban sa mga tala hinggil sa “kakaibang” kultura at pamumuhay, naging pangganyak din nila ang “hitsura” na nakaangkla sa paniniwalang hindi tao o *less human* ang mga Igorot. Sa librong *Contemporary Cultural Anthropology* (1983) nina Patrick McKim at Michael Howard, para sa asosasyon ng mga antropologo na tinawag na *Ethnological Societies in Paris* (1884), itinuturing lamang nilang tao ang mga puti at kung sakali mang may kakaibang galaw o kulay na hindi katulad nang sa kanila, maaaring ito ay manipestasyon ng *nonhuman primate* o yaong hindi pa dumaan sa ebolusyon. Sinuportahan ang ganitong pananaw sa *Social Contract Theory* ni John Locke na naniniwalang ang mga may kulay na tao ay hindi maituturing na nilalang o *black people are not people*. Ito ang dahilan kung bakit dumami ang mga antropologo na tumungo sa bansa partikular sa Kordilyera upang patunayan at hanapin ang *the missing link* (Azurin 16).

Ang paniniwalang ito ang nagbunsod sa 1887 eksibisyon sa Madrid at tinawag na *Rancheria de los Igorotes* kung saan inihilar ang mga Igorot na suot ang kanilang bahag para sa mga lalaki at halos walang saplot para sa mga babae. Nagmistulang “zoo” o “animal show” dahil pinilit pakantahin at pasayawin ang mga Igorot sa kabila ng malamig na panahon. Dahil dito, isang babaeng Igorot ang namatay dahil sa *pneumonia* (Albuero 1-17).

Sa aklat na *Displaying Filipinos* ni Benito Vergara, inilantad niya mula sa mga nakalap na larawan ang ilan sa mga litratong makapagpapakita sa itinuturing na barbaro at hindi sibilisadong katauhan ng mga Igorot. Ilan sa mga larawan ang na-*choreograph* upang ipakita na ang mga tao roon ay kulang sa kaalaman at mangmang. Nagkaroon ng malawakang *reduccion* at isteryotipikong pagtingin dahil sa pagkakabilang sa mga Pilipino sa “Kodak Zone” matapos ang digmaang Filipino-Amerikano noong 1899, kung saan, nagkalat ang mga larawan hinggil sa mga nabombang mga gusali at simbahan (25-26).

Isa sa mga pinakamalapit na maaaring maihanay sa pagpapakahulugan sa AK ay ang pagpapakahulugan ni Oscar V. Campomanes sa sipi ng kaniyang instruksiyon sa espesyal na rebyu ng *Cordillera Studies Review* noong 2017:

... na maaaring maunawaan ang paghubog ng larangang ito sa tatlong paraan: sa mga masalimuot ngunit produktibong ugnayan ng pananaliksik sa mga akademikong larangan; sa mga teoretikal na paradima na sinusuri ng mananaliksik at sa pagbubuo ng orihinal na akda batay sa kaniyang disiplina; at sa “katangian ng mga paksa na inaaral na bahagi ng pag-aaral” (6). Pinapaburan ang ikatlong salik, binibigyan niya rin ng halagahin ang unang dalawa sapagkat nababanggit niya ang hinggil dito noong 1986/87. Hindi man nililimitahan ang mga “katangiang paksa” ng CS sa mga karaniwang tinatalakay ng mga naunang publikasyon, makikita sa gawa ng mga manunulat sa Kordilyera na hindi ito pag-uulit ng mga dati nang suliranin sa larangan. Sa halip, ang mga kontribyutor sa isyung ito ay nagdadala ng isang historikal na pagsusuri sa kanilang napiling materyal tungkol sa Kordilyera, maging ito man ay makasaysayan o naglalatatag ng makabagong diskurso, na sabay na nagpapatibay (at nakapagpapakabago) sa mga teoretikal na pananaw ng CS at nagpapakita ng ibang mga kawili-wiling paraan upang pag-aralan ang *Cordillera Studies*. (n.p., sariling salin)

... that one could understand the field’s formation in three ways: in terms of its tensile but productive relations to the academic disciplines; the theoretical paradigms across these disciplines that it critiqued but also, with much originality, created; or its “characteristics of object of study” (6).

He expressed preference for the third, even as he spoke to the first two at length in his 1986/87 account; and without reducing the “characteristic objects” of CS to the range commonly covered by our published authors here, one can say with confidence that with authors’ work, we see not a return of the ‘same’ as problematics of the field, this issue’s contributors bring to it a historical engagement with their chosen Cordillera material, whether historical, or contemporary, that simultaneously affirms (and revises) CS theoretical wisdom and shows other possible and exciting ways to do Cordillera Studies. (n.p.)

Ang AK ay hindi pa itinuturing na isang programa o kurso na maaaring gamitin bilang porma ng *inquiry* o pangangalap ng impormasyon. Hindi pa ito tulad ng AP na kinikilala bilang isang disiplina na mayroon nang mga pag-iisa-isa ng mga metodo at teoryang maaaring saklawin nito. Gayundin, may mga iskolar na ring naglatag ng kani-kanilang mga argumento hinggil sa mga paksang pumapaloob dito. Gayunpaman, may mga panimulang hakbang ang ilan sa mga unibersidad na maaaring maging saligan ng mananaliksik upang matamo at magkaroon ng idea hinggil sa kahulugan ng AK bilang isang disiplina. Bagaman at hindi nalalayo ang usapin ng katutubong pag-aaral sa pamamaraan ng pagsasagawa ng AK. Sa puntong ito, nais kong iugnay ang konsepto ng katutubong pag-aaral bilang bahagi at pamamaraan ng AK sa pamamagitan ng katutubong lapit na nagiging salalayan ng ilang makabagong manunulat hinggil sa Kordilyera na pangunang tinatalakay bilang rasyonal sa pagsasagawa ng pananaliksik sa lahat ng temang (biodiversity, agrikultura, kultura, identidad, kasaysayan, atbp.) maaaring pumaloob dito.

Dahil sa kolonisasyon sa Pilipinas, naging kasangkapan ng mga kolonisador ang Philippine Studies para sakupin ang kamalayan, wika, at kultura ng mga katutubo sa iba-ibang panig ng kapuluan. Bagama’t hindi tuluyang nawala ang kolonisasyon, kundi naging bagong paraan ng pangongolonisa ang ginawa ng sumunod na mananakop. Sa pamamagitan ng edukasyon at mga disiplina ng paaralan ginamit ang Area at Local Studies upang maimapa ang saklaw at sakop ng binubuong bansa. Hindi pa rin lubos na lumaya at nagkaroon ng kakanyahan ang Pilipinas (Nobleza 220-33).

Si Padre Francis Hubert Lambrecht at Ifugao

Ang pagdating ni Padre Lambrecht sa Pilipinas noong 1924 ay bahagi ng kultura ng *Congregatio Immaculati Cordis Mariae* o C.I.C.M upang maging makabuluhan ang karanasang maging pari ay kailangang magtakda ng misyon sa labas ng sariling bansa. Ito ay isang emulasyon mula sa kauna-unahang nagtaguyod sa C.I.C.M na si Padre Theophile Verbist, isang Belgian na nagsagawa ng ebanghelisasyon sa China.

Sa kaniyang talumpati noong siya ay ginawaran ng Honorary Degree in Humane Letters, honoris causa sa Ateneo de Manila University noong 1976, sinabi niyang:

Ang aking pagtungo sa Pilipinas at pakikiisa sa mga gawi ng mga tao sa Mountain Provinces ay hindi upang ibahagi ang kulturang Kanluranin, kundi upang sa abot ng aking makakaya ay palayain ang mga tao mula sa lahat ng aking nasaksihang nakasasama o nakapipinsala sa kanilang kabutihan dulot ng kanilang kultura, lalo na sa mga usaping relihiyon, at gayundin upang hikayatin silang panatilihin ang lahat ng mabuti sa kulturang iyon (Bonifacio Ramos 3-4, Sariling salin).

I came in the Philippines to work among the people of Mountain Provinces not to impart a Western Culture, but to essentially liberate the people as well as I could from all that I saw to be harmful or detrimental in their well being in their culture, especially in matters of religion and also to encourage them to keep all that was and is good in that culture (Bonifacio Ramos 3-4).

Sa pananatili ni Padre Lambrecht sa Ifugao ng mahigit 17 taon, naging batayan ng kaniyang mga pagsulat ang maraming aspekto sa kultura ng mga Ifugao. Kabilang na rito ang ortograpiya na kaniyang ibinase mula sa mga nakakasalamuha at gayundin sa obserbasyon sa iba't ibang ritwal sa Mayoyao at Banawe. Bagaman mayroong mga paghahamon sa kaniyang mga pagsusuring panlingguwistika, ang kaniyang mga naisulat ay nagiging basehan pa rin ng mga nag-aaral sa wika ng probinsiyang yaon.

Sa paglalahad ni Ramos sa kanyang akdang “Rev. Francis Hubert Lambrecht, CICM (1895-1978): Missionary and Scholar” (2009), si Padre Lambrecht ay kilala bilang isang masugid na tagapagsagawa ng *fieldwork* bilang isang pangunahing pamamaraan ng antropolohiya (29-35). Madalas niyang nagagamit ang partisipant-obserbasyon, pagtatanong sa pangunahing respondente o *key-informant technique* na nagamit niya upang maisulat at maaral ang leksikograpiya, balarila, epikong *Hudhud*, salaysay malama’la, sagas, atbp. Gayundin, ang *genealogical method* na dahilan upang masulat niya ang *Ifugao Genealogies* (1949); *Ancestor’s Knowledge of the Ifugaos and its Importance in the Religious and Social life of the Tribe* (1954); *Genealogical Trees of Mayawyaw* (1953); at *Genealogical Trees of Kiangon* (1951) at ang mga oral na literatura. Naniniwala si Padre Lambrecht na ang mga klasikong pamamaraan ng antropolohiya ay nararapat isagawa upang mapag-aralan ang kultura at wika. Samantala, naniniwala si Padre Lambrecht na ang paglubog o imersiyon naman ang isa sa mga pamamaraan upang matuto sa lokal na wika. Sa pagkakaroon ng kasanayan sa lokal na wikang sentro ng kaniyang pag-aaral, naitala niya ang *Kiangon Tales and Songs* (1926-1928) kasama si Fr. Moerman,

Ifugao Sagas or Hudhud (1930-1932), *The Saga of Aginanga* (1932), at *The Saga of Gumingin and Bagan, His Sister* (1934). Ang ikatlong pamamaraang ginamit naman ni Padre Francis Lambrecht ay ang ebanghelisasyon, sinkretismo, at antropolohikal na pagdulog na pumapaloob sa Humanistikong pagdulog (1-23).

Ang pag-aaral naman ni Wendy Eustaquio hinggil kay Lambrecht ay isinagawa sa lente ng teolohikal na aspekto sa pamagat na *Lambrecht and the Ifugao* (2017) na naglalarawan sa naging pananaw ni Padre Lambrecht sa pagsusulat ng tradisyonal na relihiyon at paganismo bilang katangian sa wika at kultura ng Ifugao. Binigyang pansin ni Eustaquio ang pamamaraan ni Lambrecht sa pag-aangkla ng kaniyang *religious biases* at personal na komento sa pagdodokumento ng naturang kultura nang hindi naapektuhan ang obhetibong paglalahad sa mga detalye nitong hindi umaangkop sa misyon ng kaniyang ebanghelisasyon. Hinati ni Eustaquio ang kaniyang papel sa dalawang aspekto: 1) ang mga pananaw ni Lambrecht hinggil sa kulturang Ifugao at 2) pagsusuri o tugon ng mananaliksik hinggil sa mga idea ni Lambrecht hinggil o batay sa kaniyang mga pahayag sa mga pagano.

Sa pag-aaral naman ni Leah Abayao na may pamagat na *Mayoyao Ethnohistory, 1857-1960* (2009), binanggit na ang mga nasulat ni Padre Francis (1932) hinggil sa *Mayawyaw genealogy* ang isa sa pinakakomprehensibong pagtatala mula sa mga naunang manunulat na sina Barton (1919), Alarcon (1857), at Malumbres (1918) (18-29). Ang mga dokumento ni Lambrecht ay kaniyang nagamit upang matukoy ang kasaysayan, kuwento ng pag-unlad, at transpormasyon ng mga taga-Mayoyao, Ifugao. Naging batayan niya ang mga tradisyon sa paglalamay at paglilibing na hanggang sa kasalukuyan ay patuloy na isinasagawa nang may pag-aangkla sa naging papel ng mga Español at pagdating ng mga padreng C.I.C.M na nakapag-ambag sa mga pagbabago sa gawi ng mga i-Mayoyao. Sa huling bahagi ng kaniyang papel, binanggit na ang pagdating ng mga misyonaryo sa kaniyang natibong lugar (Mayoyao) ay nagbukas ng maraming anyo ng pagbabago sa aspekto ng paniniwala, medisina, edukasyon, at maging ang dala ng teknolohiya para sa transportasyon ng holistikong nakapagpabago sa iba't ibang dimensyon ng pamumuhay ng mga Ifugao sa Mayoyao.

Metodo

Ginamit ng mananaliksik ang Deskriptibong Pag-aaral batay sa Arkibong Pananaliksik at Gawaing Pansilid-aklatan (Archival Research and Library Work). Ang pagtatala, pagsisinop, at pag-iisa-isa sa nilalaman ng mga naisulat ni ang isa sa mga naging batayan ng mananaliksik upang matukoy ang pangkalahatang tema bilang representasyon ng kaniyang mga sentimyento hinggil sa kultura. Upang gawing mas malalim ang dalumat at maiwasan ang suhetibong paglalarawan ng mananaliksik sa pagbibigay ng interpretasyon sa ilang mga nasulat, naging

bahagi rin ang mga rebyu at artikulong naisulat hinggil kay Padre Lambrecht at sa mga paksang may halintulad ng kaniyang mga naisulat. Naging batayan ang pamamaraan ni Liwanag sa kaniyang paggamit ng pansinupang pananaliksik upang mabatid ang kontribusyon ni Padre Lambrecht sa AK at gayundin sa AP nang may pahapyaw na pag-uugnay sa kasayasan ng Kordilyera at paglalantad sa mga rebyu ng ilang mananaliksik hinggil sa sentro ng pag-aaral ni Lambrecht (88-92). Ang paggamit ng gawaing arkibal ay mahalagang pamamaraan ng mananaliksik sa pagtugon sa pangunahing layunin ng mananaliksik at gayundin, magsilbing lunsaran sa pagtatakda sa kabuuang saklaw ng pag-aaral ayon sa bilang ng mga akdang maaaring maakses ng mananaliksik. Ang mga naitalang aklat at dokumento na kaniyang nailathala sa iba't ibang journal at kumperensiya ay lubos na nakapagbigay linaw sa kabuuang resulta ng pananaliksik. Ang mga akda ay nakuha at nabasa sa Saint Louis University (SLU) Library (Baguio City), University of the Cordilleras (Baguio City), Saint Mary's University (Bayombong, Nueva Vizcaya), Cordillera Studies Center (CSC) (University of the Philippines Baguio), De La Salle University(Manila), at Saint Louis College (San Fernando City, La Union). Inilista sa ibaba ang mga akda ni Padre Lambrecht sa bawat taon.

Talahanayan I. Mga Akda ni Francis Hubert Lambrecht

Blg.	Mga Akda	Taon
1	<i>Kiangnan Tales and Songs</i>	1926
2	<i>Province (1926-1928)</i>	1928
3	<i>Ifugaw Villages and Houses</i>	1929
4	<i>Tribal Religion and Welfare Among the Ifugaw</i>	1929
5	<i>Blatt and Social Justice</i>	1930
6	<i>The Ifugaw Sagas or Hudhud</i>	1930
7	<i>Province (1930-1932)</i>	1930
8	<i>The Saga of Aginanga</i>	1932a
9	<i>Review of: Barton, R.F The Half-way Sun</i>	1932b
10	<i>The Mayawyaw Ritual</i>	1932c
11	<i>Marriage and Civilization Among the Ifugaw</i>	1933a
12	<i>With: Moerman, Jerome</i>	1933b
13	<i>The Saga of Guiminigin and Bugan, His Sister</i>	1934
14	<i>The Mayawyaw Ritual 2. Marriage and Marriage Ritual</i>	1935
15	<i>With: Shijaebetchts, Marcel</i>	1937
16	<i>The Mayawyaw Ritual 3. Death and Death Ritual</i>	1938
17	<i>The Mayawyaw Ritual 3. Death and Death Ritual</i>	1938
18	<i>The Mayawyaw Ritual 4. Property and Property Ritual</i>	1939

Blg.	Mga Akda	Taon
19	<i>The Mayawyaw Ritual 5. Priest and Go-betweens</i>	1941
20	<i>Two Months Among Yamashita's Las Men</i>	1946
21	<i>Ifugaw Loyalty</i>	1947
22	<i>The Exodus from Baguio</i>	1948
23	<i>Ifugaw Genealogies</i>	1949
24	<i>Genealogical Trees of Mayawyaw</i>	1953
25	<i>Ancestor's Knowledge of Ifugaws and its Importance in the Religious and Social Life of the Tribe</i>	1954a
26	<i>Genealogical Tree of Kiangan</i>	1954b
27	<i>Ifugaw Tales-Kiangan</i>	1955a
28	<i>Review of: Wilson, Laurence Lee. "The Skyland Philippines"</i>	1955b
29	<i>The Mayawyaw Ritual 6. Illness and its Ritual</i>	1955c
30	<i>Review of Barton, R. F. "Religion of the Ifugaos"</i>	1956a
31	<i>Review of Schmidt, W. "Das Matteredrecht"</i>	1956b
32	<i>Ifugao Tales-Banaue and Mayawyaw</i>	1957a
33	<i>The Mayawyaw Ritual 7. Hunting and its Ritual</i>	1957b
34	<i>Ifugao Epic Story-Hudhud of Aliguyon at Hanaga</i>	1957c
35	<i>The Missionary as Anthropologist: Religious Belief Among the Ifugao</i>	1957d
36	<i>Ifugao Ballads</i>	1958a
37	<i>Ifugao Weaving</i>	1958b
38	<i>The Main Factors of Resistance to Cultural Change in Ifugao Land</i>	1958c
39	<i>Anthropology and Primitive Revelation</i>	1959
40	<i>Organ of the San Carlos Seminary, Makati</i>	1960
41	<i>Ifugao Hudhud-Hudhud of Aliguyon Who was Bored by the Rustle of the Palm Tree at Alaguden</i>	1960a
42	<i>The Ifugaw Law of Customs in the light of Natural and Moral Law and Primitive Revelation, I</i>	1960b
43	<i>The Ifugao Law of Custom in the light of Natural Moral (1961- Law and Primitive Revelation II. Comment by William 1962) Henry Scott</i>	1960
44	<i>Ifugao Hudhud-Hudhud of Bugan with Whom the Ravens Flew Away at Gonhadan</i>	1961
45	<i>The Religion of the Ifugao</i>	1962
46	<i>Adoption of Ifugao Local Customs in Christianity</i>	1963
47	<i>Philippine Sociological Review, Manila, v. 11, nos</i>	1965
48	<i>Property Laws of Custom Among the Ifugaos</i>	1964a
49	<i>Review of Keesing, Felix M. The Ethnohistory of Northern Luzon</i>	1964b

Blg.	Mga Akda	Taon
50	<i>Ifugao Hudhud Literature</i>	1965
51	<i>Ifugao Hudhud</i>	1967
52	<i>Family and Kinship Perspective in Ifugao Communities</i>	1968
53	<i>The Kalinga Ullalim: Ifugao Orthography</i>	1970a
54	<i>Grammatical and Phonetic Comments on Ifugao Orthography</i>	1970b
55	<i>The Kalinga Ullalim II</i>	1974
56	<i>Great Chant of the Mountain Minstrels: the Ifugao Hudhud</i>	1978a
57	<i>Ifugaw-English Dictionary</i>	1978b
58	<i>The Kalinga and Ifugaw Universe</i>	1981a
59	<i>The Origins of Ifugao Wood Carving</i>	1981b

Gayunpaman, bagaman hinangad ng mananaliksik na malikom ang lahat ng mga akda ni Padre Lambrecht limitado ang nakalap sa mga silid-aklatan at dihital na sanggunian sanhi na ang ilan ay nalathala sa iba't ibang tagapaglathalang hindi na nag-iimprenta. Inuri na rin ng mananaliksik ang iba't ibang akda ayon sa panahon ng kaniyang pagsusulat at katangian ng mga akda. Tignan ang kasunod na talahanayan:

Talahanayan II. Ang Peryodisasyon ng mga Akda ni Padre Lambrecht at ang Aksesibilidad sa Lokal na Silid-Aklatan at Dihital na mga Sanggunian

Mga Panahon sa Pamumuhay ni Padre Lambrecht bilang Misyonero at Antropologo	Mga Taon	Bilang ng mga Akda	Bilang ng mga Akdang Maaaring Maakses sa mga Unibersidad sa Lungsod Baguio	Bilang ng mga Akdang Maaaring Maakses sa World Wide Web
Ang Pagpupunla ng Misyon	1924-1947	18	6	5
Ang Pagpapayabong ng Misyon at muling Pagbubuo ng mga Akda	1948-1965	32	8	5
Ang Pagpapalawak ng Ambag sa Akademya at Bakas ng Paglisan	1966-1978	9	2	3
Kabuuang Bilang:		59	16	13

Hermeniyutika ni Schleiermacher

Sa artikulong “Ang Hermenyutika nina Scleiermacher at Dilthey bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino” (2011), ang hermenyutika ay laging inilalarawan bilang isang metodo, teorya, at proseso ng pagbibigay-interpretasyon at pagtukoy sa kahulugan ng isang teksto ayon sa pinagmulang kultural na impluwensiya at konteksto ng panahong pinangyarihan ng akda. Ikinakabit din ang proseso ng masusi at sistematikong pagpapakahulugan bilang tugon sa distorsiyon ng nilalaman ng teksto ayon sa pansariling pagpapakahulugan ng isang tagapagsuri. Ayon kay Gadamer (isang pantas hinggil sa Hermenyutika) sa pagbanggit ni Demeterio, “ang dapat maunawaan (ng mambabasa) ay hindi lamang ang mga eksaktong salita at ang kanilang obhetibong kahulugan, kung hindi pati na rin ang indibidwalidad ng nagsasalita o ng may akda” (Demeterio 34-38).

Sa parehong artikulo tinalakay na ang obhetibong pagtungo ay ang pagbatid sa nilalaman ng teksto ayon sa pagkatha at pagsulat ng orihinal na manunulat ng teksto. Ibig sabihin, ang kaniyang kaligiran (oryentasyon) at katangian (edukasyon) ay binibigyang-pansin upang maipaliwanag ang kaniyang mga punto sa kaniyang kinatha. Samantala, ang subhetibong pagtungo ay tumutukoy naman sa panloob at panlabas o iba’t iba pang konsiderasyong nakaaapekto sa kaniyang pagkatha tulad sa konteksto ng lipunang kaniyang kinalalagyan (Demeterio, *Ang Hermenyutika nina Scleiermacher* 4-5). Ang mga konseptong ito ay mahalaga at ginamit sa paghulma ng mananaliksik sa kontribusyon ni Padre Lambrecht sa AK at sa AP. Ang kaniyang misyonerong oryentasyon at kaniyang pamamalagi sa Ifugao ay naging bahagi sa pagsasaalang-alang sa pagsusuri sa kaniyang mga teksto.

Mabisa ang masusing pagtatagpo ng mananaliksik sa nilalaman ng teksto at konteksto ng akda ayon sa historikal at kultural na elemento. Sa pag-aaral ng mga naisulat ni Padre Lambrecht, hindi lamang binusisi ang nilalaman ng teksto ayon sa kultural na aspekto, ngunit inilapat ang mga pangyayari sa konteksto ng kaniyang mga akda ayon sa intelektuwal nitong pamumuhay at sa historikal na impluwensiya na nakapagbigay impak sa paraan at estilo ng pag-aakda ng misyonerong antropologo.

Mga Tema sa mga Akda ni Padre Lambrecht

Hinggil sa Relihiyon

Ang kaniyang akdang *Tribal Religion and Welfare Among the Ifugao* ay inilathala noong 1929-1930 ng Central Blatt and Social Justice. Gayunpaman, maaari itong maakses sa isyu ng memorabilia para kay Padre Francis ng Saint Mary’s University, Bayombong Nueva Viscaya. Ito ay isa sa mga piniling ilathala ng 1980-1981 isyu ng

Journal of Northern Luzon dahil isa ito sa naunang tatlong serye ng mga isinulat ni Padre Lambrecht hinggil sa relihiyon ng Ifugao.

Sa akdang *The Religion of the Ifugao*, inilarawan ni Padre Lambrecht ang mga Ifugao bilang tribong hindi sibilisado at lubos na mahirap na naninirahan sa hilagang bahagi ng Luzon (122-130). Ang pagsugpo sa kahirapang ito ay isa sa mga pangunahing dahilan upang makamit ang ganap na sibilisasyon. Ito'y sapagkat lubhang pinahahalagahan ng mga Ifugao ang kanilang katutubong relihiyon na ayon kay Lambrecht ay walang sapat at katanggap-tanggap na pangangatuwiran sa halaga ng pagsasagawa nito. Sa mga kulturang kaniyang nasaksihan, tulad sa pagkakasal at mga tradisyong may kinalaman sa kamatayan na nangangailangan ng maraming alay na baboy, kalabaw, at manok upang maisagawa ang mga ritwal at tradisyon na kinakailangan para sa iba't ibang okasyon, napagtanto ni Padre Lambrecht na mahalaga ang simbahang Katoliko upang maituro bilang isang relihiyong makapag-aalay ng pag-unlad sa pamamagitan ng transpormatibo at resonableng relihiyon mula sa paganong relihiyon. Nagamit niya ang salitang transpormatibo dahil naniniwala siyang upang tuluyang maitakwil ang kasalukuyang relihiyon ng isang mananampalataya ay kailangang may maialay na bagong relihiyon na magiging sandigan ng panibagong paniniwala na tulad ng relihiyong Katoliko.

Sa Kultura ng Pag-iisang Dibdib ng mga Ifugao

Ang akdang *The Mayawyaw Ritual 2: Marriage and Marriage Ritual* ang ikalawang volyum ng *Mayawyaw Ritual* ni Padre Lambrecht na inilathala ng Catholic Anthropological Conference, Catholic University of America, Washington D.C. na lumabas noong Marso 1935. Sumunod sa *Mayawyaw Ritual 1: Rice and Rice Rituals* ng taong 1932 sa parehong publikasyon. Dito inihayag ni Padre Lambrecht ang detalyadong pagtanggap ng mga Mayawyaw sa pagkakaroon ng maraming asawa, pagkakaroon ng relasyon nang maaga, ang parusa sa mga nagkakaroon ng napatunayang nangangaliwa, ilegal na diborsiyo, estado ng mga balo, kalagayan ng inampong mga bata, naulilang mga anak, at mga kasambahay (108-35). Sa unang bahagi ng kaniyang libro, inilahad ni Padre Francis ang 29 na katangitanging salaysay hinggil sa iba't ibang kaso ng pag-iisang dibdib ng lalaki at babae. Nakalahad din sa unang bahagi ang ilang mga sakripisyong kailangang ialay at ipaghanda para sa pormal na pagsasama ng dalawa. Ang kontrata ay maaaring sa pagitan ng isang lalaki at babaeng nagkasundo o ipinagkasundo ng kani-kanilang mga pamilya. Isiniwalat din dito na bagaman at ang estado ng buhay ay isang malaking konsiderasyon dahil malimit na mangyaring maikasal ang isang mayaman sa mahirap bilang pangangalaga sa yaman ng pamilya. Gayundin, inilahad ang iba't ibang pangitain upang hindi dapat matuloy ang pagkakasal (14).

May mga tala hinggil sa detalyadong proseso ng ritwal na babanggitin ng kanilang pari gayundin ang mga nararapat na inbokasyon sa bawat araw tulad sa *Balto'ng at l'ped* na nagtatagal ng maraming araw at may iba-ibang ritwal na isasagawa ang mga mumbaki sa ngalan ng mas mabiyayang pagsasama. Nangangahulugan nito na ang mag-asawa'y nararapat na magkaroon ng maraming pondo ng baboy at manok para sa mga bisita at kamag-anak na nakikisama sa selebrasyon. Maraming pagkakataong babanggitin din ng mga mumbaki/mamuba'i ang *Abuwab Tales* na isa sa mga inilathala ni Lambrecht bilang isa sa mga pamamarisang anyo ng pamumuhay.

Ang Paglalantad ng Materyal na Kultura bilang Likhang-Sining

Ang mga materyal na kultura ay maituturing na *tangible culture* na kumakatawan din sa mga pagpapahalaga ng mamamayan ng Ifugao. Ayon kina Incheol Choi, et al., ang mga materyal na nagiging kabahagi ng isang lahi sa pagsasagawa ng kanilang mga tradisyon ay may kinakatawang simbolismo sa mga pagpapahalagang binibigyang importansya ng isang komunidad (1-6).

Sa pagbanggit naman ni Kudakwashe Tuwe, ang mga nahahawakang kultura ay maaari namang tawaging *symbolic culture* dahil ang bawat bagay na mahalaga sa isang kultura at lipunan ay mayroong kahulugan sa kabuuang identidad ng lahi (1-16). Isa itong natatanging pagkakakilanlan ng mga katutubo tungo sa pagpapakilala ng kanilang sarili sa iba pang lahi at sa buong mundo.

Tahanan at Nayon ng mga Ifugao

Inilahad ni Padre Lambrecht sa kaniyang akdang *Ifugaw Villages and Houses* ang komprehensibong pagtalakay sa katangian ng tirahan ng mga Ifugao (9-30). Ito ay nahati sa dalawang bahagi: una, hinggil sa kaniyang paglalakbay at pagmamasid sa likas na katangian ng kapaligiran kung saan ipininid ang mga kabahayan at *bole* (probinsiya), ito man ay nasa tuktok ng bundok o sa gilid ng mga palayan. Samantala, sa ikalawang bahagi, inilarawan ang disenyo at praktikal na tulong nito sa mga taga-Ifugao. Bagaman binanggit niyang hindi ito ligtas para sa usaping pangkalusugan dahil sa kasilyas na halos katabi ng bahay na hinukay lamang at sa usok na nakukulong sa buong bahay dala ng pagluluto at walang maayos na bentilasyon, naipakita naman ang iginuhit na mga baha-bahagi ng paggawa ng bahay at ipinaliwanag ang kahalagahan nito. Binigyang pansin din dito ang pagkakaiba-iba ng mga puwesto ng mga tirahan tulad sa Mayawyaw na may natatanging katangian ng paglikha ng bahay na may balkonahe o *dola* sa wikang Tuwali ng Ifugao na nagiging irigasyon ng kanilang palayan na hindi naman matatagpuan sa ibang tribo ng Ifugao.

Ang Hudhud

Maraming serye ang inilabas na akda hinggil sa *Ifugaw Hudhud* ang inilathala ni Padre Lambrecht mula 1960 hanggang 1967 na may iba't ibang pamagat. Ang *Ifugaw Hudhud* na inilathala niya sa taong 1960 at 1961 sa parehong limbagan na *Folklore Studies* ay may magkaibang paksain. Ang mas naunang inilathala noong 1960 ay may pamagat na *Hudhud of Aliguyon Who was Bored by the Rustle of the Palm Tree at Aladugen*. Samantala, ang ikalawa namang nalimbag sa taong 1961 ay may pamagat na *Hudhud of Bugan with Whom the Ravens Flew Away at Gonhadan*. Parehong maaaring maakses ang dalawang bersiyon sa Nanzan University sa pamamagitan ng *JSTOR URL*. Samantala, ang ikatlong libro namang *Ifugaw Hudhud* sa pamagat na *The Hudhud of Dinulawan and Bugan at Gonhadan* na inilathala ng Saint Louis Quarterly noong 1967 ay naakses ng mananaliksik sa Saint Louis College, San Fernando, La Union.

Ang kamangha-manghang obra na itinuturing sa primitibong panitikan at lumang literatura ay napanatili ang orihinal na bersiyon sa pagdaan ng panahon at henerasyon dahil sa mga kuwentong pekulyar at katangiang pangwika. Hindi nakapagtata kang ang mga taong umaawit nito'y nalulugod hindi dahil sa naniniwala silang ang lahat ng mga tagpo rito ay makatotohanang nangyari bilang bahagi ng kanilang kasaysayan. Kundi, tungkol ito sa nakabibilib na tagumpay sa digma ng kuwento ng kanilang mga ninuno hinggil sa bayaning si Aligu'yon o Pumbakaha'yon at kung paano nanligaw sa kanila ang mga maririkit na Bugan. Gayundin, kung paano inihihelera nang may galak ng mga matatandang sina Indumulaw at Indangunay ang kanilang mga yaman sa mga salaysay. Ang mitong ito ay nagiging bahagi ng kanilang pamumuhay mula sa pag-awit ng baha-bahagi nito sa iba-ibang gawain tulad sa buong araw ng pagsasaka at buong gabi ng pakikipaglamay. Sa akda ni Padre Lambrecht, ipinaliwanag niya na hindi naging bahagi ng kaniyang pag-aaral ang pinagmulan ng mga mitong nakapaloob sa *Hudhud*. Gayunpaman, binanggit niyang ang ilang tagpo na kaniyang nakuha ay may mga nakasingit na salitang 'baril' o 'tabako' na hindi orihinal na liriko ng Hudhud mula pa sa pagkakalikha ang nasabing obra. Samakatuwid, ito ay nangangahulugang dinaragdagan ng ilang soloista ang kanilang mga kuwento para mas umayon sa kasalukuyang pagkukuwento. Kung gayon, ang teoryang ang *Hudhud* ay isa sa mga pinakamatandang epiko na namana pa sa kanilang mga ninuno mula sa libong taon ay katanggap-tanggap. Hinggil naman sa pagkakagamit sa mga panahong iyon sa oral na presentasyon, nagbabago ang ilang mga aspekto nito upang iayon ito sa kasalukuyang konteksto at sitwasyon.

Sa pagbanggit ng mga mumbaki bagaman sinsasabing ang epikong puno ng mahika at kababalaghang Hudhud ay hindi kaugnay ng kanilang tradisyonal na relihiyon

(na nababanggit naman ang ilang mga karakter nito sa kanilang mga panalangin at ritwal). Ang mga kuwento at salaysay ay hindi sumasalamin sa pamamaraan ng mga mumbaki sa kanilang mga ritwal (Lambrecht, *Religion of the Ifugao*). Sa unang libro ni Padre Lambrecht hinggil sa Hudhud inilahad niya ang limang paksa: topograpiya, digmaan, salu-salo, awit, at estilo. Karamihan sa nilalaman nito ay inilarawan at isinalin upang lalong maipaunawa ang paghihimay-himay ng kaniyang pagsusuri. Tinalakay din ang iba't ibang uri ng pagsasalang isinagawa upang maging mas malapit sa literari na katangian nito mula sa orihinal na berso.

Ang Mun-a'lun at Mumbaki

Sa akdang *Go-Between and Priest* ni Padre Lambrecht, tinalakay niya ang ilan sa pangunahing responsibilidad at gawain ng mga Mun-a'lun (tagapamagitan) at mga Mumbaki (pari) na nagsisilbing tagapamagitan sa komunidad nang may kaniya-kaniyang limitasyon at katangian.

Sa pansariling pagsasalin ni Padre Lambrecht (10-12), tinawag niyang *go between* ang mga tagapagdala ng mensahe sa komunidad dahil itinuturing itong isang propesyon. Kung saan, ang lalaki o babaeng Mayawyaw na hindi na maituturing na *u'nga* o bata at mayroon nang kaalaman sa mga tradisyon at batas ng komunidad ay maaaring maibilang na isang tagapamagitan. Itinuturing silang tagapamagitan sa mga sigalot hinggil sa suliraning pampamilya, pangungutang, pag-aangkin ng mana, atbp. Bagaman hindi sila itinuturing na opisyal na husgado, sila, kasama nang mga kadangyan o mayayamang matatandang lalaki ay kabilang sa paghuhukom sa kaparusahan at/o multa ng isang taong nagkasala. Gayundin, nagsisilbing silang abogado sa kanilang komunidad dahil sa pagbibigay ng mga suhestiyon lalo na sa usaping pag-aangkin ng lupa at problema sa loob ng magkakamag-anak. Dahil dito, nararapat na ang isang tagapamagitan na kinikilala ng komunidad ay mayroong mataas na moral na katayuan sa lipunan. Sa ilan sa mga salaysay ni Padre Lambrecht nagbigay siya ng mga praktikal na nagagawa ng mga *mun-a'lun* mula sa pinakaunang proseso ng paghahabla ng isang biktima hanggang sa pinakahuling pamamaraan ng pagtatalaga ng parusa sa isang nagkasala. Sa maraming pagkakataon, sila rin ang nagsasagawa ng panghuling mga diskusyon hinggil sa nararapat na gawin upang mapaamin at matanggap ng isang nagkasala ang kaniyang kasalanan. Kabilang din sa kanilang papel ang malinaw na pagpapaliwanag sa batas ng tradisyon ayon sa gawi ng mga ninuno lalo na sa usaping ng sigalot ng mga mag-asawa, awayan ng magkakapatid, panggagahasa, diborsiyo, pagnanakaw, at iba pang maliliit na krimen na maituturing tulad sa mga utang na hindi nababayaran at sa halaga ng manok o baboy na kapalit nito.

Hinggil sa Abu'wab Tales

Sa pagbanggit ng librong *106 Ifugao Abu'wab Tales Documented by Frans Lambrecht, C.I.C.M From 1932 to 1957*, ang higit sa sandaang *Abu'wab Tales* na itinala ni Padre Lambrecht, mula 1932-1957 na hiwalay na mababasa sa iba't ibang lathalain ay naglalahad sa mga kuwento ng mahika na mabibilang sa etnograpihong pampanitikan. Mula sa pag-uuri-uri ni Padre Lambrecht sa limang oral na tradisyon ng Mayoyao: inbokasyon, dasal, mga ritual na awitin, *Abuwab Tales*, *Hudhud*, umabot ng walong taon ang pagkalap ng mga kuwento ni Padre Lambrecht at isinalin sa Ingles at inilathala sa iba-ibang dyornal magasin, at papel. Bagama't ang mga *Abu'wab tales* na ito ay kabilang sa ilang mga akdang inilathala ni Padre Lambrecht hinggil sa *Hudhud*, pinaghiwalay at binigyan ng mananaliksik ng ibang seksiyon ang *Abu'wab Tales* dahil sa pagkakalathala nito sa mga magasing *The Little Apostle* at *The Apostle* na hanggang ngayon ay maaaring basahin sa Saint Louis University sa Lungsod Baguio. Gayunpaman, sa layunin ng pagsisinop at pagsusuri ni Carlos Medina, nakolekta ang mga kuwentong ito at inilathala bilang isang aklat na kalakip na rin ang kaniyang mga anotasyon hinggil sa akda (Medina 1-4).

Ang *Abu'wab Tales* ay inihahayag bilang bahagi ng mga ritwal mula sa mga siklo ng agrikultura, seremonya ng pag-iisang dibdib, paglalamay, panganganak, pagbibigay lunas sa karamdaman, at sa pangangaso. Upang maging mas malinaw ang pagsasalin ni Padre Lambrecht, naglatag siya ng mga konteksto at sitwasyon ayon sa pagkakagamit ng mga *Abu'wab Tales* na kaniyang nakalap. Pinaniniwalaang ang mga *Abu'wab Tales* ay nakapagbibigay ng kakaibang kapangyarihan na nakadaragdag sa bisa ng mga panalangin na kabilang sa mga isinasagawang mga ritwal. Pangunahing nilalaman ng kuwento ang hinggil sa maalamat na mag-asawang sina Wigan at Bugan sa Chuligan. Sila ang representasyon ng mag-asawang pinag-aalayan ng mga ritwal at pag-aalay. Ilan sa mga katangian hinggil sa kuwento ay: ang tagpuan ay maaaring nasa *Angadal* o *skyworld* at *Dalom* o *underworld*; ang mga tauhan ay maaaring mga diyos at hayop na may katangian na tulad sa isang tao; at inihahayag ang katotohanan sa mga pangyayari sa buhay nina Wigan at Bugan.

Mga Aral sa Katangian ng AK mula sa Akda ni Padre Francis Hubert Lambrecht sa Pormal, Metodolohikal, at Teoretikal na Aspekto

Ang pagbubuo sa katangian ng AK ay isang masalimout na proseso na nangangailangan ng maingat na pagtatala at pamimilosopiya mula sa mga akda at nadokumentong kultura hinggil sa mga Kordilyeran. Mula sa korpus ng mga akda ni Padre Lambrecht, nailatag ang mga mahahalagang diskurso ayon sa sumusunod:

Una, ang intelektuwal na talambuhay at katauhan ni Padre Francis Lambrecht bilang isang dayuhang misyonero ay naglahad ng panibagong implikasyon sa pagsasagawa ng pananaliksik sa AP at AK. Ang kaniyang kaligiran bilang isang paring nabibilang sa C.I.C.M na may layuning maghain at baguhin ang tradisyonal na relihiyon ng mga Ifugao ay nagamit niya bilang isang daluyan upang lalo niyang maunawaan ang lahing kaniyang kinasasangkutan. Liban pa rito, nagsilbing tagapag-ugnay ang kaniyang pagiging pari upang maisagawa nang banayad ang kaniyang mga pagdodokumento sa pamamagitan ng kaniyang pakikisalamuha at pakikipagpalagayang-loob sa mga katutubo roon. Bagaman may mga negatibong reaksiyon at komento hinggil sa mga kaugalian, sinikap niyang itala ang halos lahat ng aspekto ng pamumuhay ng mamamayan ng Kiangan at Banaue upang lalong maunawaan ang kabuuan ng mga elementong nag-uugnay din sa kanilang pananampalataya. Kaya, ang kaniyang mga tala o akda ay lumalabas na malaking kontribusyon sa AK at AP kahit pa man itinuturing siyang tagalabas at hindi ang pagiging antropologo ang pangunahing dahilan ng pagdating sa Pilipinas. Bagaman may mga tumuligsa rin sa kaniyang mga nasulat lalo na sa larang sa wika, tatanggapin ang kaniyang mga akda at mananatiling batayan ng mga kasalukuyang iskolar na nagsasagawa ng pag-aaral sa mga katulad nitong paksa.

Ikalawa, idiniin ni Padre Lambrecht ang halagahin ng *fieldwork* bilang isang mahalagang pamamaraan sa pagsasagawa ng pananaliksik. Kung saan, kaakibat ng *fieldwork* ang dalawang sistemang nararapat sundin: una, ang pag-aaral sa kanilang katutubong wika at pangalawa, ang pamamalagi nang matagal sa kanilang lunan upang mas mapalalim ang pag-unawa sa kanilang pamumuhay. Ang dalawa ay mayroong interkoneksiyon sapagkat upang matutuhan ng isang nagsasagawa ng fieldwork ang wika ng isang pangkat-etniko ay kailangang manatili nang resonableng panahon lalo na't bago para sa kaniyang pandinig ang wikang kanilang nagagamit. Ang kritikal na pagsusuri ng kanilang mga terminolohiya ay paunang hakbang sa paghalughog sa kanilang tradisyon. Nangangahulugan lamang na ang wika ay kapantay ng kultura. Ang pagkatuto sa kanilang ortograpiya at semantika ay mahalagang sangkap upang lubos na mailarawan ang isang kultura. Isa ito sa pagkumpirma sa mga naging pagpapakahulugan nina Patajo at Demeterio hinggil sa katangian ng AP bilang kritikal disiplinang sumusuri sa metodong ginagamit ng isang mananaliksik sa pagtugon sa kaniyang mga layunin.

Ikatlo, kaakibat ng fieldwork ang pagtukoy ng mga nararapat na indibidwal para sa mga panayam. Binanggit ni Padre Lambrecht na malaki ang naitulong ng kaniyang mga naging impormante upang maisalin ang mga pahayag sa mga ritwal at kuwentong bayan na kaniyang nagamit para sa pagtatala ng mga kinikilalang pampanitikang anyo ng kaniyang mga akda at sa pag-iisa-isa ng mga salitang

nagamit sa pabubuo ng kaniyang diksiyonaryo. Ang mga datos mula sa kaniyang mga panayam ay nagsilbing pamamaraan din ni Padre Francis upang mapatunayan ang kaniyang mga haka at makapaglimbag sa iba't ibang larang ng kaniyang mga nasaksihan. Tumutugon ito sa AP bilang isang disiplinang may malawak na saklaw ng paksahin ng pag-aaral na tulad sa kasaysayan, panitikan, wika, kultura, at relihiyon na sinalamin ng mga paksang isinulat ni Padre Lambrecht.

Ikaapat, sa pamamalagi ni Padre Lambrecht sa Baguio at nagsilbing propesor ng antropolohiya, binalikan niya ang kaniyang mga papel at muling inilathala nang may mga pagdaragdag at/o pagbabago ayon sa pagyaman ng kaniyang mga karanasan. Ang panahon at pangyayaring pangkasaysayan na kaniyang nasaksihan sa Pilipinas ay ilan sa mga nakapagpabago nang bahagya sa kaniyang mga pananaw. Kung saan, sa kaniyang mga papel na binasa sa Baguio Religious Acculturation Conference o BRAC, ipinakitang naging kritikal din siya sa ibang iskolar na nakapagsulat sa kaparehang genre o paksa at tumutugon ito sa pamamagitan ng paglalahad ng mga sitwasyon o ebidensiya mula sa kaniyang mga dati nang nalathala na mga papel. Mula rito, siya ay muling naglathala ng papel upang linawin ang kaniyang punto o sang-ayunan ang isang iskolar. Naging bukas siya sa mga reaksiyon sa kaniyang mga papel at kritikal sa pagsang-ayon at pagsalungat sa mga ito.

Ikalima, ang masinop na pagtatala sa paghahabi, pag-uukit, at pagbuo ng tahanan ng mga Ifugao ay patunay sa kaniyang pinong deskripsiyon o fine description. Ito ay unang binanggit ni Bonifacio Ramos sa kaniyang pag-aaral hinggil sa metodo ng paglalarawan ni Padre Lambrecht sa kanilang itinuturing na mga materyal na kultura. Sa paglalarawan ng mga itinuturing na *tangible* o nahahawakang kultura, ang paggamit ng pinong deskripsiyon o *fine description* ay isang pamamaraan upang mabuo sa kaisipan ng mga mambabasa ang detalye ng kanilang likha. Maliban pa sa pagguhit ng mga karikatura nito at paglalagay ng mga pangalan at gamit sa bawat bahagi na bumubuo nito. Kung saan, ito ay isa sa mga pinakaangkop niyang estratehiya upang ilarawan ang isang materyal na kultura lalo pa't hindi pa gaanong nagagamit ang pagkuha ng larawan. Isang uri ng deskriptibong pagsisiyasat sa katangiang pampisikal at halagahin ng naturang kultura sa pamumuhay ng mga Ifugao.

Ikaanim, ang ugnayan ng AK sa AP ay mahalaga ring binubusisi dahil nakapag-aambag ang mga teksto sa ilalim ng AK para sa mga komprehensibong pagtatala at pagsasaliksik lalo na sa mga usapin sa iba't ibang aspekto at elemento ng pamumuhay ng mga katutubo na nakapagbibigay ng mas malawak na perspektiba ng pagsasagawa ng pag-aaral sa ilalim ng AP. Tulad sa kontribusyon ng mga pansinupan, bahay-saliksikan, at silid-aklatan sa iba't ibang rehiyon sa bansa ay nakapag-aambag para sa kolektibong pagsasakatuparan sa layunin ng AP

na magsagawa ng mga iskolar at kritikal na mga papel na magiging batayan sa pagbubuo at pagbabalido ng teoryang kritikal na sumasagot sa mga suliraning angkop sa mga pananaliksik hinggil sa kamalayang Pilipino nang may paggalang sa katangian ng mga indibidwal at mga katutubo. Sa pinakamalalim na katangian ng AK, marapat maiugat ito sa usapin ng katutubong pag-aaral bilang pangunahing basehan ng identidad ng AK. Mula sa kasaysayan ng pakikipaglaban ng mga ninunong Igorot para sa kanilang teritoryo hanggang paninidigan ni Macli-ing Dulag sa panahon ng batas militar hanggang sa patuloy na pakikibaka ng mga Kordilyeran para sa iba't ibang karapatan.

Ikapito, ang AK bilang midyum ng paglilikom ng mga tala at pag-aaral hinggil sa Kordilyera ay pormal na isinilang sa CSC at iba pang silid-aklatan o arkibo na matatagpuan sa iba't ibang unibersidad sa Kordilyera. Ang pagkakatatag ng AK noong 1998 at pagsasanib nito sa kanilang silid-aklatan noong 2002 bilang pangunahing tanggapan ng Unibersidad sa Baguio para sa pagsasagawa at pagsisinop ng mga akda hinggil sa Kordilyera mula sa iba't ibang paksa. Nabanggit ni G. Randy Nobleza na ang iba't ibang bahay-saliksikan at pansinupan ay may kaniya-kaniyang katangian at pokus ayon sa mga umiiral o aksesibol na mga materyal at tala hinggil sa maituturing na pangkalinangang panrehiyon na lubos na makapaglalarawan sa identidad ng mga pangkat-etniko na kinabibilangan sa bawat rehiyon. Ang pangkalinangang panrehiyon ay pagbubuo ng mga gawain at hakbangin na makapagtatatag at makapagpapanatili ng mga sining, dokumento, materyal na kultura, at iba pang pag-aaral na makatutulong upang mapanatili ang identidad ng pangkat-etniko sa bawat rehiyon.

Ang CSC ay isa sa mga nagtataglay ng pagtatangi na naglalaman ng mga babasahin hinggil sa katangian ng mga Kordilyeran maging ito man ay patungkol sa sistemang pang-agrikultura, pamamahala, batas, kultura, atbp. Sa pagbanggit ng papel ni Christina Villanueva, ang CSC at UP Baguio Historical Archives ay itinatag upang maging mas madali ang paghahanap ng mga akdang pumapatungkol sa Kordilyera at upang mapreserba ang serye ng mga babasahing isinulat ng mga unang iskolar na nag-aral sa Kordilyera. Kung saan, sa ikalawang palapag ng silid-aklatan ng UP Baguio matatagpuan ang pansinupang pangkasaysayang nangangalaga sa ilang mga dokumento ni Padre Lambrecht at iba pang detalye hinggil sa BRAC na naglalaman ng mahahalagang detalye hinggil sa kumperensiya. Maituturing ding sisidlan ng AK ang Filipiniana Section ng SLU dahil sa mayamang koleksiyon nito hinggil sa mga espisipikong akda ng iba't ibang iskolar na nagsagawa ng pag-aaral hinggil sa AK kung saan din matatagpuan ang mga korpus ng akda ng mga paring CICM na may mga pagtatala sa kaalamang Kordilyera. Ang CSC ng UP Baguio at SLU ay ilan lamang sa mga maaaring nangangalaga sa mga akdang nasa ilalim ng AK. Ang laman ng kanilang koleksiyon hinggil sa kalinangang Kordilyeran ay sumasalamin sa kolektibong identidad ng AK.

Ikawalo, ang usapin sa AK ay usapin sa katutubong pangkat at pag-aaral. Sa mas malawak na pagtanaw, ang Batas Republika 8371 o mas kilala bilang IPRA na tuluyang naipatupad noong 1997 na naglalayong suportahan ang pangangalaga sa kultural na integridad ng mga indehinong pangkat sa pamamagitan ng pagkilala sa kanilang karapatan sa lupang tinubuan at iba pang materyal at 'di materyal na kultura sa pamamagitan ng pagbubuo ng komisyon (National Commission on Indigenous Peoples o NCIP) na maglalatag ng mga direksiyon sa pangangalaga ng kanilang interes, paniniwala, tradisyon, at mga institusyon nang may pagkilala ng pamahalaan. Ang pagkakabuo ng CSU at mga kurso sa mga unibersidad sa Baguio ay nauugnay sa batas na ito. Ito ang isa sa mga nagiging batayan sa pagbubuo at pagdidisenyo ng kurikulum para sa kurso. Sa patuloy na transpormasyon ng kurikulum sa pagbibigay-diin ni Canilao, sa pag-aaral at pagbubuo ng pilosopiyang lokal, isang pangangailangan ang pag-aangkla ng mga katutubong pananaw sa mga pagdalumat ng mga katutubong perspektiba hinggil sa identidad at kultura. Nagbabago pa at patuloy na yumayabong ang pamamaraan sa pagsasaliksik sa ilalim ng AK na makadaragdag sa katangian nito bilang lapit sa pagsasagawa ng pag-aaral. Sapagkat ang pagsagawa ng mga pananaliksik ay dinamiko bunsod ng pag-usbong ng makabagong iskolar at mananaliksik, ang paraming bilang ng mga iskolar na taga-Kordilyera at kahit pa man nabibilang sa labas ng rehiyon na nagsasagawa ng mga pag-aaral ay isang implikasyon na magkakaroon pa ng paghuhugis ang AK. Tulad sa AP, ang identidad nito bilang anyo sa pagsasagawa ng pag-aaral ay nakabatay sa yumayamang pagtatangka ng pagbibigay balidasyon sa teorya at pagbubuo ng mga teoryang lalong makapaglalarawan sa pamamaraan ng AP. Ang mga akda ni Padre Lambrecht hinggil sa Ifugao ay mga akdang nabibilang sa mga sulating nakapagdaragdag sa paglalarawan sa kasaysayan ng Ifugao. Kung kaya't sa pamamagitan niya at ng iba pang antropologo at mananaliksik, ang kanilang mga isinulat ay magsisilbi nang batayan ng makabagong sibol ng manunulat sa kasalukuyan.

Ikasiyam, para sa mas mayabong na pagtiyak sa katangian at identidad ng AK, nangangailangan ito ng kritikal na paglilikom, pagtatala, at pagsusuri ng mga akdang inilathala. Bagaman isa lamang si Padre Francis Lambrecht sa ilang mga dayuhang nagsagawa ng mga pag-aaral hinggil sa Ifugao, ang kaniyang mga isinulat at kasabayang manunulat ay nakapagsimula na hinggil sa katangian ng AK. Gayunpaman, sa pamamagitan ng mayabong na pagpapaunlad ng mga silid-aklatan at pansinupan, mas magkakaroon ng madaliang pag-iimbentaryo ng mga korpus ng kaalamang ito bilang salalayan ng makabagong pag-aaral. Gayundin, ito ay makatutulong sa mga kurso o panibagong asignaturang binubuo ng mga pamantasan sa gradwado at di-gradwadong antas upang maging kapana-panalig ang kanilang mga datos na makapag-aambag sa mas malinaw at tiyak na pagtingin

sa katanggap-tanggap na katangian ng mga Igorot at ibang pangkat-etniko. Sa ganitong pamamaraan, nalilihis din ang maling interpretasyon hinggil sa kanilang kultura, paniniwala, at kabuuang identidad bilang pangkat sa hilagang Luzon at bilang kabahagi ng mayamang komunidad ng katutubo mamamayan sa Pilipinas.

Kongklusyon

Ang usapin ng AK ay kinapapalooban ng multi-dimensyonal na tunguhin sa pagsasagawa ng pananaliksik sa iba't ibang lapit (lokal at dayuhang konteksto). Ang identidad ng AK bilang isang lapit sa pagsasagawa ng pananaliksik ay may pagtatangi sa iba pang rehiyonal na pagbubuo ng pag-aaral dahil sa konteksto ng pangkasaysayang bumago at naghain ng iba't ibang batayan sa pagsasagawa ng pananaliksik sa mga lahing matatagpuan sa Kordilyera. Sa konteksto ng mga Kankana-ey, Ibaloy, Kalinga, at Ifugao, marami (kung hindi halos lahat) sa mga pangkasaysayang nalathala hinggil sa kanilang historikal na pinagmulan at kultural na katangian ay isinulat ng mga dayuhang iskolar, manunulat, at pari na ginagamit sa mga kasalukuyang pag-aaral. Hindi maiiwasang sumandig muna sa mga dayuhang mga akda dahil ang kanilang mga naunang tala ang nagiging pangunang lunsaran sa pagkalkal sa identidad ng iba't ibang pangkat-etnikong bumubuo sa Kordilyera. Tinitingnan ang pagtatanging ito ayon sa matagumpay na kuwento ng pananakop ng mga Amerikano at pagtalukbong ng makabagong relihiyon na bumago sa sistema ng pamumuhay at pananampalataya ng mga Kordilyeran. Maiuugat na ang AK ay pinasinayaan ng mga dayuhang taga-labas tulad nina Padre Lambrecht, William Henry Scott, Otto Scheerer, Felix Keesing, Otley Beyer, atbp na nagsisilbing pundasyon sa pagbubuo ng AK dahil sa mga akdang inilimbag hinggil sa kultura at identidad ng mga Kordilyeran. Sa kabilang banda, pinayayabong ng mga taga-loob o ang mga Kordilyeran na sinimulan nina Mariano Dumia, Manuel at Lourdes Dulawan, Leah Abayao, Marlon Martin, Stephen Acabado atbp. Kung kaya't masasabing nakasandig ang identidad ng AK sa mga akda at tala ng mga kasalukuyang pag-aaral hinggil sa rehiyon na mula sa parehong dayuhan at lokal na mga iskolar at mananaliksik.

Mga Sanggunian

- Abayao, Leah E. "Mayoyao Ethnohistory, 1857-1960". *The Journal Of History*, vol 55, no 1, 2009, pp. 1-17. Philippine E-Journals, ejournals.ph/article.php?id=5377. Accessed Oct. 2021.
- Acabado, Stephen. "Defining Ifugao Social Organization: "House," Field and Self-Organizing Principles in the Northern Philippines". *Asian Perspectives*, vol 2, 52, 2014, pp 160-90.
- Alburo, Erlinda. "La Exposicion General De Filipinas En Madria (1887): A Review." *The Journal of History*, vol. 58-1, 2012, pp. 117. www.academia.edu/41115855/La_Exposicion_General_de_Filipinas_en_Madria_1887_A_Review.
- Aquino, Belinda A. "How Philippine Studies Began". *Filipinas Magazine*, 2008, pp 2-6. core.ac.uk/download/pdf/5103731.pdf. Accessed 20 Sep. 2021.
- Azurin, Arnold M. *Reinventing the Filipino sense of Being and Becoming*. CSSP Publications and U of the Philippines P, 1995.
- Billiet, Francisco. *Studies on Kalinga Ulalim and Ifugao Orthography*. The Catholic School P, Saint Louis U, 1974.
- Cordillera Studies Center. *Towards the Understanding of the Cordillera People*. U of the Philippines Baguio, 2001.
- Choi, Incheol, et al. "Culture and Judgement of Causal Relevance." *Journal of Personality and Social Psychology*, vol. 84-1, 1989, pp. 46-59. <https://doi.org/10.1037/0022-3514.84.1.46>.
- Demeterio III, Feorillo A. *Ferdinand Blumentritt and the Philippines: Insights and Lessons for Contemporary Philippine Studies*. De La Salle U Publishing House, 2013.
- _____. "Ang Hermenyutika nina Scliermacher at Dilthey bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino". *Kritike*, vol. 5, no. 1, 2011, pp 1-14. U of Sto. Tomas, www.kritike.org/journal/issue_9/demeterio_june2011.pdf. Accessed 5 Apr. 2020.
- Dulawan, Lourdes. "Ifugao Baki: Rituals For Man And Rice Culture." *Journal of Northern Luzon*, vol. 15 no.1-2, 1989, pp. 1-2, ehrafworldcultures.yale.edu/document?id=oa19-039. Accessed 3 Apr. 2020.
- Dumia, Mariano A. *The Ifugao World*. New Day Publisher, 1979, ehrafworldcultures.yale.edu/document?id=oa19-034. Accessed 5 Sept. 2020.
- Eustaquio, Wendy. "Lambrecht and the Ifugao". *Conference Paper*, 2017. Saint Louis U, Baguio City, Philippines.
- Guillermo, Ramon G. "Toward a Filipino-Language Philippine Studies Project". *Philippine Studies* vol. 56 no. 4, 2008, pp. 467-74. *Symposium on Philippine Studies*, Ateneo de Manila U. www.researchgate.net/publication/306060835_Toward_a_Filipino-Language_Philippine_Studies_Project. Accessed 3 Oct. 2021,
- _____. "Sariling Atin: Ang nagsasariling komunidad na pangkomunikasyon sa disiplinang Araling Pilipino". *Social Science Diliman*, vol. 12, no. 1, 2016, pp. 29-47. www.journals.upd.edu.ph/index.php/socialsciencediliman/article/view/5231/4701 Accessed 1 Oct. 2020.

- Harvey, Sharon. "Discourses of (non)Western Subjectivity and Philosophical Recovery." *Journal of Multicultural Discourses*, vol. 1, no. 1, July 2006, pp. 27–34. doi.org/10.1080/10382040608668529.
- Howard, Michael, and Patrick McKim. *Contemporary Cultural Anthropology*. 1st ed., Little, Brown, 1983.
- Lambrecht, Francis H. "The Religion of the Ifugao." *Philippine Sociological Review: Preceedings of the Fifth Annual Baguio Religions Acculturation Conference*, vol. 10, no. 1-2, Jul 1962, pp. 33-40. Accessed Oct. 2020.
- _____. "Ifugao Tales." *Folklore Studies*, vol. 14, 1955, pp. 149–96. JSTOR, doi.org/10.2307/1177339. Accessed 22 Aug. 2022.
- _____. "The Mayawyaw Ritual." *Catholic Anthropological Conference*, vol. 4, no. 1-3, 1960. pp. 1-155.
- _____. "The Hudhud of Dinulawan and Bugan at Gonhadan". *Saint Louis University Quarterly*, 1967, pp. 17-35. Saint Louis U, Baguio City.
- _____. "Tribal Religion and Welfare Among the Ifugaw." *Central Blatt and Social Justice*. Saint Louis Quarterly, 1930, pp 28-36.
- _____. "Marriage and Civilization Among the Ifugaw". *Central Blatt and Social Justice*. Saint Louis Quarterly, 1933, pp. 16-25.
- _____. "The Mayawyaw Ritual: Marriage and Marriage Ritual". *Publications of the Catholic Anthropological Conference*, Catholic U of America, 1934, pp 1-154.
- _____. "The Mayawyaw Ritual: Priests and Go-Betweens". *Publications of the Catholic Anthropological Conference*, Catholic U of America, 1941, pp. 1-176.
- _____. "Ifugao Hudhud-Hudhud of Bugan With Whom the Rovens Flew Away at Gonhadan". *Folklore Studies*, Tokyo, Japan, vol. 20, 1960, pp. 136-273.
- _____. "The Ifugaw Law of Customs in the Light of Natural Moral Law and Primitive Revelation." *The Sower (Now Contemporary Studies)*, Organ of San Carlos Seminary, 1960.
- _____. "The Ifugaw Law of Customs in the Light of Natural Moral Law and Primitive Revelation." *Proceeding of the Baguio Religious Acculturation Conference*, 1960-1962.
- _____. "The Religion of the Ifugao". *Philippine Sociological Review*, 1962.
- _____. "Adoption of Ifugao Local Customs in Christianity". *Philippine Sociological Review*, 1963, pp. 12-28.
- _____. "Property Laws of Custom Among the Ifugaos". *Siliman Journal*, Siliman U, 1965, pp. 275-303.
- Liwanag, Leslie Anne L. *Surutentayo ni Isabelo De Los Reyes: Mga Kabatiran at Aral Para sa Kontemporaryong Araling Filipino*. Pamantasang De La Salle, Manila, 2018, pp. 1-374.
- Medina, Carlos P. C.I.C.M. *Missionaries and Indigenous Filipinos: An Essay in Anthropology of Religion*. Saint Louis U Publishing House, 2000.
- _____. *The Ifugao Abuwab Tales*. SLU-Cordillera Research and Development Foundation., Inc., 2003.

- _____. *Stories, 1907-1970*. SLU-Cordillera Research and Development Foundation, Inc., 2006.
- _____. "106 Ifugao Abu'wab Tales Documented by Frans Lambrecht, C.I.C.M From 1932 to 1957." *Introduction*, vol. 1, Saint Louis University Cordillera Research and Development Foundation, Inc., 2002, pp. 1–4.
- Nobleza, Randy. *Nagsasariling Araling Filipino: Mga Dinamiks ng Lokal at Pambansang Diskurso sa Tatlong Bahay-Saliksikan Tulad ng Center for Kampampangan Studies (CKS), Cebuano Studies Center (CSC), Mindanawon Initiatives for Cultural Dialogue (MICD)*. 2016, De La Salle University, PhD dissertation. animorepository.dlsu.edu.ph/etd_doctoral/494. Accessed Apr. 2020.
- Legasto, Priscelina P. *Philippine Studies: Have We Gone Beyond St. Louis?* U of Hawaii P, 2008.
- Pe-Pua, Rogelia at Marcelino, Elizabeth P. "Sikolohiyang Pilipino (Filipino psychology): A legacy of Virgilio G. Enriquez". *Asian Journal of Psychology*, vol. 3, no. 1, 2000, pp. 49–71. onlinelibrary.wiley.com/doi/pdf/10.1111/1467-839X.00054.
- Ramos, Bonifacio V. "The Role of Religious institutions in Advancing the Cause of Ilokano and Amianan Studies". *Journal of Northern Luzon*, vol. 33, no. 1-2, 2010, pp. 1-30, Saint Mary's U.
- _____. "Fr. Francis Hubert Lambrecht, CICM: An Assessment of His Writings-Focus on Ifugao Culture". *Journal of Northern Luzon, a Research Forum*, vol. 13, no. 1, 2009, pp. 146-171. Saint Mary's U Publishing House.
- _____. "Rev. Francis Hubert Lambrecht, CICM (1895-1978): Missionary and Scholar". *Journal of Northern Luzon, A Commemorative Issue*, vol 11, no. 1-2, 1981, pp. 1-189. Saint Mary's U Publishing House.
- Supreme Court of the Philippines. "Republic Act No. 8371 - An Act to Recognize, Protect and Promote the Rights of Indigenous Cultural Communities/Indigenous Peoples, Creating a National Commission on Indigenous Peoples, Establishing Implementing Mechanisms, Appropriating Funds Therefor, and for Other Purposes." *Supreme Court E-Library*, 29 Oct. 1997, elibrary.judiciary.gov.ph/thebookshelf/showdocs/2/2562. Accessed 27 Oct. 2024.
- Scott, William H. *The Discovery of the Igorots: Spanish Contacts With the Pagans of Northern Luzon*. New Day Publishers, 1987.
- Tuwe, Kudakwashe. "The African Oral Tradition Paradigm of Storytelling as a Methodological Framework: Employment Experiences for Afric." *Proceedings of the 38th AFSAAP Conference: 21st Century Tensions and Transformation in Africa*, African Studies Association of Australia and the Pacific, 2015, afsaa.org.au/assets/Kudakwashe_Tuwe_AFSAAP2015.pdf.
- Vergara, Benito M. *Displaying Filipinos: Photography and Colonialism in Early 20th-Century Philippines*. U of the Philippines P, 1995.
- _____. 2nd International Conference on Cordillera Studies. *Indigenous Studies in the Philippines: Issues and Prospects*. July 14-17, 2017. Cordillera Studies Center. CAP-John Hay Trade and Cultural Center. Baguio City, Philippines.

Si **G. John Angiwan Amtalao** (john.amtalao@dlsu.edu.ph) ay nagtapos ng kursong doktor sa pilosopiya sa Araling Pilipino- Wika, Kultura, at Media at Master ng Sining sa Edukasyon sa Filipino sa De La Salle University- Manila at Saint Louis University- Baguio City. Ang kaniyang interes sa pananaliksik ay sumasaklaw sa pasalitang tradisyon, materyal na kultura, at Araling Kordilyera.